



## PAPEL NG PAYO

# Gamitin ang Visual Sequences sa Pagturo ng Kakayahan sa Pag-aalaga sa Sarili

Kailangan ng oras at pagsasanay upang matuto ng bagong gawain sa pag-aalaga ng sarili gaya ng pagbibihis mag-isa. Karaniwang serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na mahalaga sa pagkumpleto ng gawain ang visual sequence.

Ang paghahati-hati ng mga gawain sa ilang kahbang (isang proseso na kilala rin na pag-aanalisa ng gawain) ay magagawang mas madali para sa anak mo na makasunod kapag sinimulan mo na paano gawin ito. Bilang nakatatanda, minsan nakalilimutan natin gaano karaming hakbang ang kasama sa gawain dahil matagal na natin itong ginagawa. Tulad ng halimbawa ng 'pagsesepilyo'. Narito ang ilan sa mga hakbang na kasama: makita ang sepilyo, makuha ang toothpaste, mabuksan ang toothpaste, malagay ang toothpaste sa sepilyo, ibuka ang bibig, marahan na sepilyuhin ang ngipin, at magmumog ng tubig. Maging ang simpleng gawain gaya ng pagsesepilyo ay pwedeng maging kumplikado.


Ngayon, ilarawan ang mga hakbang sa mga gawain sa pag-aalaga sa sarili na gusto mong ituro sa iyong anak. Kapag nalista mo na ang mga hakbang, ilarawan ang kanyang nagawa at alin ang maaaring mahirap. Matutulungan ka nito na maplano aling mga hakbang ang tututukan kapag sinimulan na ang pagtuturo.

Kapag gagawa ng visual sequence tandaan na mahirap para sa mga bata (at matatanda) na maunawaan ang higit sa anim hanggang pitong hakbang bawat pagkakataon. Kapag nalista mo na ang mga hakbang sa mga gawain sa pag-aalaga sa sarili handa ka ng gawain ang visual sequence. Matutulungan nito ang iyong anak:

1. Malaman anong mga bagay ang kailangan niya para makumpleto ang gawain.
2. Malaman paano gamitin ang mga bagay.
3. Maunawaan ang sequence ng mga aksyon na dapat niyang sundin para makumpleto ang gawain.

## Mga tipo ng litrato na gagamitin

Pwede kang gumamit ng mga litrato ng magkapatid na nagkukumpleto ng gawain sa pag-aalaga sa sarili, gupitin ang mga litrato mula sa magasin, o iguhit mo ang mga ito. Pwede mo ring bisitahin ang Visuals Engine para gumamit ng mga simbolo ng litrato. Siguraduhin na ang mga litrato ay malinaw at ang iyong anak ay maaaring makilala ang mga bagay sa litrato o ginuhit. Mabuting ideya na lagyan ng pangalan ang bawat hakbang sa sequence na mga salita bilang paalala para sa lahat ng mga sangkot sa mga gawain ng iyong anak sa



pag-aalaga sa sarili. Halimbawa, ang mga salitang "Kunin ang sepilyo" ay pwedeng ma-print sa ibabaw ng litrato ng sepilyo. Gamit ang kaparehang mga salita upang ilarawan ang mga aksyon ay magagawang madali para sa iyong mga anak na matutunan ang mga hakbang sa sequence.

## Pagtuturo ng bagong kakayahan

Habang tinuturuan ang iyong anak ng bagong kakayahan,

## **Kunin ang sipilyo Gamitin ang Visual Sequences sa Pagturo ng Kakayahan sa Pag-aalaga sa Sarili, magpatuloy**

makatutulong na ang espasyo na ginagamit mo ay organisado at malaya sa nakagugulo. Halimbawa, sa banyo, itakda mo ang isang maliit na espasyo sa kabinet o sa counter ng mga bagay na kailangan ng anak mo sa pagsesepilyo. Ang pagbibigay sa kanya ng makulay na toothbrush at espesyal na “mabuti-sa-bata” na toothpaste ay makatutulong na ang “pagsesepilyo” ay mas maging masaya.

Umpisahan ang visual sequence sa pagpaskil nito na tapat sa antas ng paningin ng iyong anak, tinuturo sa litrato ang bawat hakbang, at binabasa ang nakalagay bago makumpleto ang aksyon. Itinuturo nito ang koneksyon sa pagitan ng ispisipikong litrato at aksyon. Kapag sanay na ang iyong anak sa visual sequence, matatanong mo siya kung ano o ituro ang kasunod na hakbang.

May ilang hakbang ay maaaring pisikal na mahirap para sa iyong anak na matutunan kahit alam niya ano ang gagawin. Kapag nadismaya siya, tanungin kung kailangan niya ng tulong at gabayan siya sa mga hakbang sa paghawak ng kanyang kamay. Ayos lang na tulungan ang iyong anak sa mga gawain. Ang mahalaga ay purihin siya sa kanyang pagsisikap.

Sa kalaunan, maaaring mapansin mo na kaya ng makumpleto ng iyong anak ang ilang mga hakbang ng mag-isa at ng may kaunting tulong na lang. Sa oras na ito, pwede mo nang bawasan ang bilang ng mga litrato sa visual sequence. Halimbawa, ‘kunin ang sipilyo at toothpaste’, ‘magsipilyo’, ‘magmumog’. Kapag sigurado ka ng ang anak mo ay maayos na nagsesipilyo maaaring payagan mo na siyang gawin ito ng mag-isa araw-araw. Siguraduhin na iwan ng sequence na nakapaskil bilang paalala!

Tandaan na ang visual supports ay nagagawang mas madali para sa mga bata na makaunawa at makipag-usap. Sa paggamit ng visuals sa pagturo ng kakayahan sa pag-aalaga sa sarili ng bata ang unang hakbang patungo sa kakayahan sa sarili.